▪ *Prepasyo sa Karaniwang Araw o Prepasyo Para sa Mga Anghel.*

**ANTIPONA SA KOMUNYON** • *Dan 5:58*

**BENEDÍCITE,** omnes Angeli Dómini, Dóminum: hymnum dícite, et superexaltáte eum in sǽcula, alleluia.

**PURIHIN NINYO,** lahat kayong mga Anghel ng Poon, ang Panginoon! Awitan Siya, at dakilain Siya magpakailanman, aleluya.

**PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON**

**BEÁTI** Archángeli tui Michǽlis intercessióne suffúlti: súpplices te, Dómine, deprecámur; ut, quod ore proséquimur, contingámus et mente. Per Dóminum. Per Dominum.

**TINUTUWANGAN** sa pamamagitan ni San Miguel na Iyong Arcangel, pakumbaba po kaming dumudulog sa Iyo, O Panginoon, upang ang mga nilasap nitong aming mga labi ay tumalab naman sa aming mga isipan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

*Maiksing Pagninilay*

*Ang pagdiriwang na ito ni San Miguel Arcangel ay sadyang napakatagal nang ginagawa ng Simbahan. Sinasabing tinalo ni Miguel si Satanas doon nang sila'y magsagupa at iniutos umano ng Arcangel na napakita roon sa Bundok ng Gargano na makapagpatayo ng simbahan.*

*Subalit mga minamahal na kapatid, ang higit dapat nating pagnilayan sa pista na ito'y ang walang maliw na biyaya ng Dios para sa kaniyang mga tinubos upang tayo'y saklolohan sa pamamagitan ng mga lingkod Niyang ito! Huwag kayong makalilimot sa mga anghel ninyong tagatanod, lalo na sa mga Arcangel na nabanggit sa Banal na Kasulatan. Kinakatawan ni San Miguel Arcangel na ang kabutihan ng Dios ay laging magtatagumpay at mananaig at lalamunin nito ang lahat ng kasamaan ng diablo. Narito si San Miguel upang ipagtanggol tayo dahil siya'y isinugo ng Dios para sa ating kapakanan. Lumago nawa tayo sa kabanalan sa kaningningan nitong mga lingkod ng Poon!*

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Mayo 8 (o Linggo malapit dito)*




# PAGSIPOT NI SAN MIGUEL ARCANGHEL SA BUNDOK GARGANO

*Misa "Benedicite"*
*Doblemayor • Puti*

*Pinipintuho sa:*
*Bacoor (Cavite), Hagonoy (Taguig), Orion (Bataan)*
*San Miguel (Bulacan), at sa Diosesis ng Iligan*

**PAMBUNGAD NA ANTIPONA** • *Ps 102:20*

**BENEDICITE** Dóminum, omnes Angeli ejus: poténtes virtúte, qui fácitis verbum ejus, ad audiéndam vocem sermónum ejus, alleluia, alleluia. — *Ps 102:1* Bénedic, ánima mea, Dómino: et ómnia, quæ intra me sunt, nómini sancto ejus. *V.* Gloria Patri. Benedicite.

**PURIHIN** ninyo ang Panginoon, kayong mga anghel niya; kayong mga makapangyarihan sa kalakasan na gumaganap ng kanyang salita, na nakikinig sa tinig ng kanyang salita, aleluya, aleluya. — *Salmo 102:1* Purihin mo ang Poon, aking kaluluwa: purihin niyo ang kaniyang banal na Ngalan, kayong lahat na nasa aking mga kaibuturan sa katawan. *V.* Luwalhati sa Ama. — Purihin...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos).

### Panalangin sa Misa (Kolekta)

**Deus,** qui miro órdine, Angelórum ministéria hominúmque dispénsas: concéde propítius; ut, a quibus tibi ministrántibus in cœlo semper assístitur, ab his in terra vita nostra muniátur. Per Dominum.

**O Dios,** sa isang mahusay na kaayusan ay pinamamahalaan mo ang mga ginagampanang paglilingkod ng mga Anghel at mga tao: para mo nang awang ipagkaloob na ang buhay namin sa lupa ay lingapin ng mga laging tumutulong sa langit na mga lingkod mong anghel. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

### Pagbasa • *Ap 5:11-14*

Pagbasa mula sa Aklat ng Apocalipsis ni Apostol San Juan.

**Noong mga araw na iyon:** Narinig ko ang tinig ng milyun-milyon at libu-libong anghel. Sila'y nakapaligid sa trono, sa apat na buháy na nilalang at sa matatandang pinuno. Umaawit sila nang malakas, "Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan, kalakasan, kaluwalhatian, papuri at paggalang!" At narinig kong umaawit ang bawat nilikhang mga nasa langit, nasa lupa, nasa ilalim ng lupa at nasa dagat, at ang lahat ng mga naroroon, "Sa nakaupo sa trono, at sa Kordero, ang papuri at karangalan, kaluwalhatian at kapangyarihan, magpakailanman!" At sumagot ang apat na nilalang na buháy, "Amen!" At nagpatirapa ang matatandang pinuno at sumamba. — *R.* **Salamat sa Dios.**

### Dakilang Aleluya

**Allelúia, allelúia.** *V.* Sancte Míchæl Archángele, defénde nos in prælio: ut non pereámus in treméndo judício.

**Aleluya, aleluya!** *V.* San Miguel Arcangel, ipagsanggalang mo po kami sa aming kagipitan, at huwag mo po kaming maano sa katakot-takot na araw ng paghuhukom!

**Allelúia.** *V.* Concússum est mare, et contrémuit terra, ubi Archángelus Míchæl descéndit de cælo. **Alleluia.**

**Aleluya, aleluya!** *V.* Umugong at umuga ang dagat, pati lupa'y nanginig at nagalaw, nang pumanaog buhat sa Langit si San Miguel Arcangel na magaling. **Aleluya.**

### Ebanghelyo • *Mt 18:1-10*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**Noong panahong iyon:** Lumapit kay Jesus ang mga alagad at nagtanong, "Sino po ang pinakadakila sa kaharian ng langit?" Tumawag si Jesus ng isang bata, pinatayo sa gitna nila at sinabi, "Tandaan ninyo: kapag hindi kayo nagbago at naging katulad ng mga bata, hinding-hindi kayo makakapasok sa kaharian ng langit. Ang sinumang nagpapakababa na gaya ng batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit. Ang sinumang tumatanggap sa isang batang katulad nito alang-alang sa akin, ako ang kanyang tinatanggap. Mas mabuti pa sa isang tao ang siya'y bitinan sa leeg ng isang malaking gilingang-bato at ihulog sa kailaliman ng dagat kaysa siya'y maging sanhi ng pagkakasala ng isa sa maliliit na ito na nananampalataya sa akin. Kahabag-habag ang daigdig sa dami ng mga tuksong nagiging sanhi ng pagkakasala! Hindi nga maiiwasan ang pagdating ng tukso, ngunit kakila-kilabot ang sasapitin ng taong pinanggagalingan nito. Kung ang iyong kamay o paa ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo iyon at itapon! Mas mabuti pa ang magkaroon ng buhay na walang hanggan na putol ang isang kamay o isang paa, kaysa kumpleto ang iyong dalawang kamay at dalawang paa na itatapon sa apoy na hindi namamatay. Kung ang mata mo naman ang siyang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, dukitin mo ito at itapon! Mas mabuti pa ang magkaroon ng buhay na walang hanggan na bulag ang isang mata, kaysa may dalawang mata kang itapon sa apoy ng impiyerno. Pakaingatan ninyong huwag hamakin ang isa sa maliliit na ito. Sinasabi ko sa inyo, ang kanilang mga anghel ay laging nasa harap ng aking Ama na nasa langit." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May* Credo *o* Sumasampalataya *kung talagang ipinagpipista sa isang parokya.*

### Antipona sa Pag-aalay • *Pah 8:3-4*

**Stetit** Angelus juxta aram templi, habens thuríbulum áureum in manu sua, et data sunt ei incénsa multa : et ascéndit fumus arómatum in conspéctu Dei, alleluia.

**Tumayo** ang isang Anghel sa harap ng dambana, na may hawak na isang gintong lalagyan ng insenso; at binigyan siya ng maraming insenso. Pumailanlang sa harap ng Dios ang mabangong usok ng insenso, aleluya.

### Panalangin Ukol sa mga Alay

**Hostias** tibi, Dómine, laudis offérimus, supplíciter deprecántes : ut easdem, angélico pro nobis interveniénte suffrágio, et placatus accípias, et ad salútem nostram provenire concédas. Per Dominum.

**Kaming** nag-aalay nitong haing papuri, Panginoon, ay pakumbabang sumasamo sa Iyo, upang tanggapin at kalugdan ang mga ito, at itulot Mong makatulong ito sa aming kaligtasan pakundangan sa pamamagitan para sa amin ng lahat na mga Anghel mong banal. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...